




Ano ang “National health insurance system”?



Halos lahat ng mga Hapon ay may health insurance card. Sakaling magkasakit, puwede magpakonsulta sa ospital at 30% lang ng singil ang babayaran.

Dapat magkaroon nito ang mga dayuhang naninirahan sa Japan ng 3 buwan o higit pa.

Ang paseguruhang medikal sa Japan ay nagpapatuloy ng mahigit nang 50 taon. Ang national health insurance system ang sinasalihan ng mga tao sa Japan sa mga paseguruhang medikal upang masuportahan ang gastusing pangkalusugan. Sinuman ay maaaring makapagpagamot kahit saan o kahit kailan.

Bago nasimulan ang sistemang ito, hindi magamot ang ilang maysakit dahil walang pambayad, kahit malala na ang karamdaman at maaaring ikamatay.

Sa ganoong pamamaraan, mga mayayaman lamang ang nakakapagpagamot. Upang makatulong sa pangkalusugan, isinagawa ang health insurance system.

Ang mga dayuhang may patunay na may visa ng higit 3 buwan, ay may karapatang kumuha ng national health insurance magmula ng siya ay manirahan sa isang bayan.

Ang mga dayuhang walang pasegurong medikal sa kanilang pinagtatrabahuan ay kailangang kumuha ng national health insurance.

Pumunta sa Health Insurance Dept. ng inyong munisipyo para sa proseso at aplikasyon.

Kailangan ang inyong **residence card, special permanent resident certificate at pasaporte** para sa aplikasyon. Kailangang gawin ang aplikasyon sa loob ng 14 araw mula ng maisumite ang notipikasyon ng paglipat. Sakaling hindi kaagad nakapag-apply, maari pa ding makakuha dahil nakatala ang petsa kung kelan nagsimulang magkaroon ng karapatan para makapagpatala sa national health insurance.

Kapag kumuha ng national health insurance, magkakaroon ng kard ang bawat miyembro. Sakaling magpakonsulta sa isang pagamutan, 30% lamang ng bayarin ang babayaran sa pamamagitan ng kard. Ang mga may edad mula 40-74 taon ay maaring magpa yearly medical check-up sa halagang 1,000 yen. Tatanggap din ng kabayaran sakaling manganak o sa pagkamatay ng miyembro.

Kung may national health insurance, kailangang magbayad ng national health insurance tax, depende sa kinita nung nakaraang taon at sa bilang ng miyembro ng kasambahay. Ang mga may edad mula 40 hanggang 65 taon gulang ay sisingilin ng long-term care insurance tax. Walang tax exemption sa national health insurance tax. Sa mga pamilyang walang kinikita, ang buwis ay may bawas. Ang mga nasa welfare ay hindi makakakuha ng national health insurance.

Maraming mga taong nangangailangan ang hindi makabayad ng gastusing medikal kapag nagkakasakit. Bago mangyari ito, pumunta sa tanggapan ng inyong lokal na munisipyo para sa pag proseso upang makapasok sa health insurance

Pagsasaad ni: Ms. Nanae Ishii, tagapamahala ng FICEC

Pagbibigay paalala sa mga dayuhang residente para makaiwas sa

Upang makaiwas masangkot sa aksidente, ang mga dayuhang naninirahan ay dapat sumunod sa batas ng Japan. Sakaling makakita ng krimen o aksidente, magreport kaagad sa pulisya



Symbol mark of Saitama Prefectural Police "Poppo"

Ilang mga kaso para mag-ingat at makaiwas sa krimen

◆ Krimen sa pamamagitan ng internet

- ◎ "Bibilhin naming ang iyong cellphone o bank account ng 20,000yen" => Sa isang iglap ikaw ay sangkot sa krimeng panglilinlang.
 - ◎ "Makakakuha ng Japanese driver's license na mura" => Hindi maaaring magpatakbo ng sasakyan ng walang lisensya galing sa Public Safety Commission.
 - ◎ "Ligal na gamot" => Ito ay maaaring ilegal gaya ng cannabis o marijuana.
 - ◎ "Ahensya ng pagpapadala ng pera sa inyong bansa" => Ang pagpapadala ng pera sa ibang bansa ay sa pamamagitan lamang ng mga ligal na institusyong pinansyal.
- ※ Kapag gumamit ng ganitong site service, maaaring maging kasangkot sa krimen. Kailangang siguraduhing maigi kung ito ay hindi lumalabag sa batas.


















◆ Babala sa trabaho at tirahan.

- ◎ Bawal magtrabaho sa mga sex related industries.
- ◎ Huwag ipaarkila ulit ang inyong inuupahang apartment =>
 - <1> Nagiging tambayan ng overstay foreigners ang apartment
 - <2> Nagpapatubo ng cannabis sa apartment.

- Saitama Prefectural Police -

Bagong map symbols para sa mga

15 na bagong map symbols para sa mga dayuhan ay isinama sa Geographical Survey

	Post office		Convenience store
	Police box		Hotel
	Shrine		Restaurant
	Church		Toilet
	Museum		Hot springs
	Hospital		Railway station
	Bank, ATM		Airport
	Shopping center		

Personal computer class

Sumali tayo sa PC class (may bayad)

- Klase : 2 beses kada buwan (Huwebes) mula 1:00 to 2:00 p.m.
 - Kailangang dalhin: Laptop PC, gamit sa pagsusulat
 - Matututo ng Word, Excel at iba pa
 - Kailangan marunong mag-Nihongo, at nakakabasa ng Hiragana
- Sa mga PC class sa FICEC, ang mga guro ay nagtuturo sa paraang madaling maintindihan. Ang mga pag-aaral ay makakatulong at magagamit sa paghahanap ng trabaho. Mag-aral tayo ng PC. para sa mas malawak na kaalaman at bagong karanasan. Kontakin o magsadya lamang sa FICEC para makapagpalista.

